Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Wilma B.Orjaleza |
| **Tagaguhit:** | |
| **Tagalapat:** | |
| **Tagasuri ng Nilalaman:** | Mrs.Evelyn R. Ramos PSDS / SDO Pasay |
| **Tagasuri ng Wika:** | Mrs. Evelyn R. Ramos PSDS/ SDO Pasay |
| **Tagapamahala:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Loreta B. Torrecampo, CESO V, SDS SDO-Pasay City<br>Dr. Arturo A.Tolentino , OIC ASDS- Pasay City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR<br>Librado F. Torres, CID Chief SDO-Pasay City<br>Dr. Gloria G. Tamayo -EPS Filipino- NCR<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS – NCR<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Dr. Normina B. Hadji Yunnos, LR EPS SDO Pasay City<br>Jackie Lou U. Salaysay, Librarian II- SDO Pasay |

**(Pagmamay-ari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

# FILIPINO

## Inaasahan:

**Naipahahayag ang sariling opinyon o reaksiyon sa isang napakinggang balita , isyu o usapan. ( Aralin blg.3 ) F6PSIVc-1**

**PANUTO :**

**Sundin ang mga panuto at unawaing mabuti ang bawat pagsasanay.**
**Sagutan ang bawat pagsasanay nang may pag-iingat.**

## Unang Pagsubok

**PANUTO:** Basahin nang mabuti ang mga makabagong isyu sa kasalukuyan. Bilugan ang letra na may wastong palagay o kuro-kuro .

1.Lubhang nagulat ang mga tao sa pagdating ng pandemya sa ating bansa.Ano sa palagay mo ang maaaring mangyari?

A.Bahagyang natakot ang mamamayan
B.Magdidiwang ang mga tao
C.Babaliwalain ito ng mga tao
D.Normal pa rin ang kilos ng mga tao

2.Ipinatutupad ang ECQ sa iba't ibang panig ng ating bansa .Ano ang kuro-kuro mo rito?

A.Nakalalabas ang lahat ng mga tao
B.Ang mga babae lamang ang nakalalabas
C.Ang nasa gulang na 18-59 lamang ang nakalalabas
D.Nauutusan din ang mga bata na bumili sa labas ng kanilang pangangailangan

3.Isa sa nakatutulong upang maiiwasan ang "CORONA VIRUS"ay ang pagsunod sa "health protocol" na ipinatutupad ng ating pamahalaan.Ano ang palagay mo rito?

A.Maraming mga tao ang sumunod ngunit marami rin ang lumalabag dito
B.Ang mga kawani lamang ng pamahalaan at pribadong mamayan ang sumusunod dito
C.Sinunod ito ng mga tao nang buong puso
D.Tinutulan ito ng lahat ng mga tao

4.Maraming iba't ibang uri ng "CORONA VIRUS" ang muling sumulpot sa ating bansa.Sa palagay mo ,ano kaya ang kalalabasan nito?

A.Maaantala ang pagbalik sa normal ng ating bansa
B.Magiging normal na ang ating mga gawain
C.Makalalabas na ang mga mamamayan
D.Makakabawi na ang ating ekonomiya

5.Ang makabagong uri ng "virus"ang siyang dahilan kung bakit nananatili ang rehiyon ng NCR at karatig rehiyon sa Luzon sa GCQ .Ano sa palagay mo ang maaaring mangyari sa kabuhayan ng mga tao?

A.Magiging maunlad ang ekonomiya ng bansa
B.Mas marami ang magkakaroon ng trabaho
C.Marami pa rin ang mawawalan ng trabaho
D.Maraming pamilya ang nasisiyahan

6.Natatakot ang mga tao sa magiging epekto ng bakuna kaya karamihan ay ayaw magpaturok nito.Ano ang iyong opinyon tungkol dito?

A.Hindi pa rin maresolba ang suliranin natin sa "CORONA VIRUS"
B.Mawawala rin ang "virus"kahit walang bakuna ang mga tao
C.Okey lang na hindi na magpapabakuna ang mga tao
D.Pabayaan na lang ng pamahalaan na ang mga tao ang mag desisyon kung magpapaturok sila ng bakuna.

7.Kung magpapaturok daw ng "vaccine"ang mga tao ay unti-unti nang mawawala ang "CORONA VIRUS"sa ating bansa.Ano ang pananaw mo rito?

A.Masusugpo ng "vaccine"ang pagdami ng natatamaan ng "CORONA VIRUS"
B.Maraming mga taong dadagsa sa "vaccine center"
C.Ang mga mamamayan na lang ang magdedesisyon kung magpapabakuna sila
D.Kukulangin ang "supply" ng "vaccine".

8.Nabago ang uri ng pagtuturo.Ipinatupad ang "blended learning "sa mga paaralan.Ano ang opinyon mo rito?

A.Natutuwa ang mag-aaral at ang kanilang mga magulang
B.Nakikiisa ang mamamayan sa kagawaran
C.Naninibago ang mga mamamayan
D.Mas mahihikayat pa ang mga magulang sa paggabay sa pag-aaral ng kanilang mga anak

9.May ilang mag-aaral ang hindi nakalalahok sa" online distance learning" .Ano sa palagay mo ang dahilan?

A.Karamihan ay walang gadget at internet connection
B.Mas gusto nila ang modular distance learning
C.Mahina ang kanilang internet connection
D.Lahat ng sagot ay tama

10.Mas mainam pa rin daw ang "face to face" kaysa sa "blended learning" na isinasagawa sa kasalukuyan.Ano sa palagay mo ang dahilan?

A.Magkakaroon ng pokus ang mga magulang sa kanilang trabaho
B.Iisa ang paraan ng pag-aaral sa face to face
C.Makikita nila ang kanilang mga kamag-aral at mga guro
D.Naipapaliwanag nang mabuti ng mga guro ang mga aralin at naiintindihan ng mag-aaral ang mga ito

## Balik-Tanaw

**PANUTO:**Isulat ang **T** sa patlang kung ang pares ng mga salita ay magkakaugnay at **M** kung hindi magkakaugnay.

.

______ 1. lapis - papel

______ 2. tsinelas - medyas

______ 3. pisara - yeso

______ 4. pasyente - doktor

______ 5. timba - martilyo

______ 6. karayom - sinulid

______ 7.mata – hikaw .

______ 8.lamesa - upuan.

______ 9.hikaw - bibig

______10.bulaklak - plorera.

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

Opinyon - ay tinatawag ding kuro-kuro..Ito ay sariling pananaw tungkol sa mga bagay-bagay.

Reaksiyon - ang reaksiyon ay damdaming nagpapakita ng pagsang-ayon , pagsalungat , pagkatuwa , o pagkakalungkot.

Balita- ay isang uri ng lathalain na tumutukoy sa kasalukuyang kaganapan sa kapaligiran..

Isyu – Ito ay mga balitang nangyayari sa loob at labas ng ating bansa , ito ay isang paksa na ating napakinggan o nakikita sa ating telebisyon , radyo , o internet

Usapan – ay ang komunikasyon na namumutawi sa dalawa o higit pang tao. Ito rin ay nagsasaad na may usap na nangyayari.

# Gawain

**PANUTO**: Ipabasa sa kapatid o iba pang kasama sa bahay ang balita.Isulat ang iyong Opinyon o reaksiyon sa bawat pangyayaring nakasaad dito. (2 puntos bawat opinyon)

**Sakit sa puso , hypertension at diabetes hindi COVID**

Nakamamatay ang **COVID -19 VIRUS** pero hindi raw ito ang pangunahing dahilan ng pagkamatay ng mga Pilipino ngayon na panahon ng pandemya.Ang numero uno raw na dahilan ng pagkamatay ng mga tao ay- mga sakit at karamdaman sa puso "Last year", halos 100,000 ang namatay dahil sa heart diseases.

Ikalawa ay neoplasma o tumors, ikatlo ay sakit sa ugat o cerebrovascular diseases , ikaapat ay diabetes , Ikalima ay pneumonia , ikaanim ay hypertension , at ikapito lamang ang **COVID 19**.

Isa sa mga maituturing na dahilan dahil nasa loob lamang ng mga pamamahay ang mga tao, limitado ang kilos at galaw, panay kain bumibigat ang timbang . hindi naliligo , walang exercise, nag-iimbak ng masamang elemento sa katawan.

Sabayan mo pa ng hindi nakapag-pakonsulta nang personal ang ilan sa mga doktor dahil sa banta ng "virus" sa labas.Mabuti nga't may tinatawag na tele-konsulta, na nakatutulong kaysa naman wala.

( PILIPINO STAR NGAYON)
WRITER:BEN TULFO

1.Hindi sakit sa **COVID 19** ang pangunahing sanhi ng pagkamatay ng mga Pilipino.
Sa aking palagay

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

2.Ang pangunahing dahilan daw kung bakit nagkakasakit ang mga tao ay dahil limitado ang kanilang paglabas.

Sa aking opinyon_______________________________________________________

_______________________________________________________________

3.Ang ehersisyo ay nakatutulong upang lumakas ang ating katawan.
Sa aking palagay

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

4.Hindi makakapagpakonsulta ang mga tao sa hospital dahil sa banta ng **Covid 19.**
Sa aking opinyon ___________________________________________________

_______________________________________________________________

5.Nakatutulong ang tele-konsulta upang makapagpatingin ang mga tao kahit nasa bahay lang sila.mabuti ba ito o hindi? Bakit?
Sa aking palagay

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________

## Tandaan

Ang opinyon o reaksiyon ay isang malayang pananaw ng isang tao sa mga isyu , balita , usapan na nababasa sa diyaryo , naririnig sa radyo o napapanood sa telebisyon / internet.Mga sari-saring kaganapan sa ating kapaligiran.

## Pag-alam sa mga Natutuhan

**PANUTO :** Ipabasa sa mga miyembro ng iyong pamilya ang usapan ng pamilyang Reyes. .Isulat ang iyong opinyon o reaksyon sa pahayag ng bawat miyembro.

Isang araw nag-uusap ang pamilyang Reyes tungkol sa pandemya sa bansa.

**Nanay:**Mga anak, dahil sa pandemya limitado tayo sa lahat ng bagay ngayon, lalo na ang paglabas ng bahay.

**Ate:** Pero inay! Maaari rin daw tayong lumabas.Susundin lang natin ang “health protocol” na ipinatutupad ng pamahalaan.

**Kuya:**Opo Inay, paano naman tayo mabubuhay . Kailangan din tayong kumilos para sa ating pamilya

**Tatay:**Basta , huwag nating kalilimutang magsuot ng “ mask at face shield “.Dapat din laging may bitbit na alcohol o sanitizer at maghugas ng kamay para makaiwas tayo sa “virus”.

**Nanay:** O sige.basta tulong-tulong tayo . Kailangang masusustansiyang pagkain ang lagi kong ihahanda at mag-ehersisyo tayo. Kung sama-sama tayo, tiyak na magiging matagumpay tayo upang labanan ang mapamuksang “virus” na ito.

**Nanay:** O sige.basta tulong-tulong tayo . Kailangang masusustansiyang pagkain ang lagi kong ihahanda at mag-ehersisyo tayo. Kung sama-sama tayo, tiyak na magiging matagumpay tayo upang labanan ang mamuksang “virus” na ito.

1.Ibigay ang iyong opinyon sa pahayag ni Nanay ( 3 puntos )

Sa aking opinyon_______________________________________________________________
_______________________________________________________________________________

2.Pahayag ni Tatay ( 3 puntos )

Sa aking palagay

________________________________________________

________________________________________________

3.Pahayag ni Ate ( 2 puntos )

Sa aking opinyon

________________________________________________

________________________________________________

4.Pahayag ni kuya (2 puntos )

Sa aking palagay

________________________________________________

________________________________________________

**RUBRIKS SA PAGBIBIGAY NG OPINYON**

| | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|
| **Nilalaman**<br>Pagsunod sa uri ng anyong hinihingi<br><br>Lawak at lalim ng pagtalakay | | | |
| **Hikayat**<br>Paraan ng pagtalakay sa paksa<br><br>Pagsunod sa tiyak na panuto na ibinigay ng guro | | | |

3-Pinakamahusay 1-Katanggap-tanggap

2-Mahusay

# Pangwakas na Pagsusulit

**PANUTO:** Ibigay ang iyong opinyon / reaksyon sa mga isyu na iyong naririnig sa radio o anunsiyo sa inyong Barangay,napanonood sa telebisyon/ internet o nababasa sa diyaryo.( 3 puntos bawat sagot ).

1."Online Distance Learning / Blended Learning "

Opinyon ______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2.Pagsunod sa "Health Protocol " nakatutulong upang maiwasan ang "Corona Virus ".

Opinyon ______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3.Mga bagong "variant "ng virus mas nakatatakot nga ba?

Opinyon______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4.Dahil sa kakulangan sa kaalaman tungkol sa "vaccine "maraming mga tao ang natatakot magpaturok nito.Sa palagay mo dapat nga bang magpa "vaccine" ang mga tao?

Opinyon______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

5.Dahil sa pagsulpot ng iba't ibang "variant" ng "virus" matatagalan pa raw bago tayo makabawi .Paano kung sa susunod na pasukan ay "Blended Learning " pa rin, Mag-aaral ka pa rin ba?

Opinyon ______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

(Pagmamay-ari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

## RUBRIKS SA PAGSULAT NG OPINYON

| | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|
| **Nilalaman**<br>Pagsunod sa uri ng anyong hinihingi<br><br>Lawak at lalim ng pagtalakay | | | |
| **Balarila**<br>Wastong gamit ng wika<br><br>Paglimita sa paggamit ng mga salitang hiram | | | |
| **Hikayat**<br>Paraan ng pagtalakay sa paksa<br><br>Pagsunod sa tiyak na panutong ibinigay ng guro o kaugnay ng gawain | | | |

3-Pinakamahusay 1-Katanggap-tanggap

2- Mahusay

# SUSI SA PAGWAWASTO

**Unang Pagsubok**

1.A
2.C
3.A
4.A
5.C
6.D
7.C
8.C
9.D
10.D

**Balik Tanaw**

1.T
2.M
3.T
4.T
5.M
6.T
7.M
8.T
9.M
10.T

**Gawain**

Sariling sagot ng mga bata

**Pag-alam sa mga Natutuhan**

Sariling sagot ng mga bata

**Pangwakas na Gawain**

Sariling sagot ng mga bata

## Sanggunian :

Brainly.ph( senior high school)
John Carlo Ancornado
Pilipino Star Ngayon
Ben Tulfo